# Ang agimat ng kapanatagan laban sa scam

## Tagapangalaga ninyo at kaagapay laban sa scam




TOKIO MARINE NEWA 新安東京海上產險

# Pag-iwas sa 「Pekeng Fixer」

Madalas ang mga 「fixer ng insyurans」 ay nagpapanggap na may espesyal na ruta o kaya'y nagkukunwaring volunteer sila ng ahensya ng social welfare, at nag-aalok na sila ang mag-asikaso ng claim para sa naka-insyur upang makakuha umano ng mas malaking claim.
Sa ganitong paraan, naniningil sila ng mataas na serbis fee o kaya'y dadayain nila ang premium mula sa nakainsyur.

## Talaan ng mga kaalaman ukol sa Insyurans

Sa katunayan, simple lang ang pag-apply ng claim. Basta't matugunan ang mga kwalipikasyon, at nakahanda ang mga kinakailangang dokumento, maaaring direktang mag-apply sa kumpanya na pinagbilhan ng insyurans, at ang claim ay ibibigay ayon sa nakasaad sa polisia. Mayroon ding impormasyon kung paano mag-apply ng claim sa opisyal na website ng mga kumpanya ng insyurans bilang sanggunian ng publiko.






# Kilalanin ang 「Pekeng Kumpanya」

Kadalasan ang mga sindikato ng scam ay nagpapadala ng pekeng mensahe para sa pagbabayad, pagre-renew, at nag-aalok ng promosyon o discount upang iligaw ang publiko patungo sa mga pekeng website para magbayad. Kaya bago mag-click sa anumang website ay beripikahin muna, at huwag magpaloko sa mga “pekeng web page.”

## Talaan ng mga kaalaman ukol sa Insyurans

Gumamit ng ligtas na browser at mapagkakatiwalaang internet, tiyakin na tama ang  ng web address (URL), at huwag basta-basta mag-click ng mga link mula sa hindi kilalang nagpadala ng mensahe. Kung may pagdududa sa naclick na website, tumawag sa kumpanya ng insyurans para makasiguro.




# Maging Mapagmatyag sa mga 「Pekeng Polisia」

Maaaring gamitin ng sindikato ng scam ang pangalan ng insyurans at gumawa ng pekeng polisia o patunay ng kabayaran  o resibo upang dayain ang publiko.
Bukod dito, kung bibili ng “hindi otorisadong (dayuhang) polisia” at kapag magkaroon ng di pagkakaintindihan, maaaring wala ng habol ang mga bumili.

## Talaan ng mga kaalaman ukol sa Insyurans

Ang tinutukoy na 「hindi otorisadong (dayuhang) polisia」 ay mga dayuhang insyurans na walang pahintulot mula sa kinauukulang otoridad ng Taiwan para magbenta sa Taiwan. At dahil walang kapangyarihan ang gobyerno ng Taiwan sa ibang bansa, solong responsable ng bumili sa kung anong panganib ang mangyari. Iminumungkahi sa publiko na bumili ng insyuras mula sa mga ligal at rehistradong kompanya ng insyurans sa loob ng Taiwan.



# Huwag tanggapin ang 「Pekeng Claim」

**Ang pekeng aksidente, pekeng kapansanan, at pekeng karamdaman ay ilan sa mga karaniwang paraan ng panlilinlang sa insyurans na ginagamit ng mga scammer. Huwag makipagsabwatan o subukan ang mga ito, baka walang makuhang claim at maging biktima ng scammer.**

## Talaan ng mga kaalaman ukol sa Insyurans

**Kung gumamit ng pekeng dokumento upang mag-claim ng insyurans, ito ay labag sa batas at masasangkot sa pandaraya at pamemeke ng dokumento. Hindi lamang hindi makakakuha ng claim, maaari ring habulin ng kompanya ng insyurans ang kabayaran sa danyos, at maaring masangkot sa pananagutang kriminal, maaaring makasuhan at humarap sa hukuman — mas higit na pinsala kaysa benepisyo.**



# 5 「Huwag」Laban sa Scam

## 「Huwag」 iclick ang hindi kilalang link:

Huwag basta-bastang buksan ang link na hindi kilala ang pinagmulan.

## 「Huwag」 ibigay ang pansariling impormasyon:

Huwag magbigay ng personal na impormasyon sa ibang website maliban sa opisyal na website ng kompanya para sa online insyurans.

## 「Huwag」 maniwala sa mga espesyal na ruta:

Kung mag-apply claim sa insyurans, huwag tanggapin ang payo ng mga hindi kilalang tao upang maiwasan ang mahulog sa bitag ng mga fixer.

## 「Huwag」 pumirma sa mga hindi kilalang dokumento:

Huwag pumirma sa anumang dokumento na hindi inilabas ng lehitimong kompanya ng insyurans para maiwasan ma-scam.

## 「Huwag」 basta-bastang maniwala sa kahina-hinalang impormasyon:

Kung makatanggap o makakita ng anumang kahina-hinalang teks o impormasyon, kung nagdududa, agad na tumawag sa 165 Anti-Fraud Hotline para magtanong.



# 4「Dapat」Laban sa Scam

## 「Dapat」maging masigasig magberify:

Bago bumili ng anumang insyurans o transaksyon, tiyaking nasuri ang pampublikong impormasyon ng kabilang partido at ang pagiging lehitimo ng kanilang institusyon.

## 「Dapat」maging maingat:

Karaniwang ginagamit ng mga sindikato ng scam ang mga salitang nakakapaniwala at mga pekeng website upang linlangin ang publiko na ibigay ang kanilang impormasyon sa credit card o banko. Dapat maging mapanuri upang maiwasan ang maligaw sa bitag.

## 「Dapat」maging mapanuri:

Kung mapansin na kakaiba ang kilos o ang ID ng ahente ng insyurans, agad na kumontak sa kompanya ng insyurans upang beripikahin at matiyak para sa sariling karapatan at proteksyon.

## 「Dapat」palawakin ang kaalaman:

Regular na bisitahin ang Anti-Fraud Section ng Financial Supervisory Commission upang malaman ang iba't ibang paraan ng pagscam, at mapalakas ang sariling kakayahan sa pag-iwas sa scam at madagdagan ang kaalaman ukol sa insyurans pangpinancial.





# 3C na Patnubay sa Pag-iwas sa Scam

| | |
|---|---|
| **Calm Down** | Manatiling kalmado sa pagharap sa sitwasyon |
| **Check It Out** | Magsagawa ng masinsinang beripikasyon |
| **Call out 165** | Tumawag sa 165 Hotline para sa konsultasyon |

**Kung may anumang kahina-hinalang pangyayari**
**Laging mag-beripika at maging maingat**
**Agad tumawag sa 165 Anti-Fraud Hotline para humingi ng tulong**

Tokio Marine Newa Insurance Co., Ltd.

Munting laro Malaking panlaban sa Scam


TOKIO MARINE NEWA 新安東京海上產險 Nagmamalasakit sa inyo

Adres: 8-13th floor, No. 130, Nanking E. Rd., Sec. 3, Chung Shan Dist., Taipei City Telepono: (02)8772-7777

Libreng hotline para sa serbisyo at reklamo

0800-050-119

Website para sa pagsusuri ng Pampublikong Impormasyon: https://www.tmnewa.com.tw


*To Be a* ***Good Company***